


Taon XXXIX Blg. 8 Abril 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Sagot sa lumalalang krisis: Rebolusyon at pag-aalsang bayan!



Ang kasalukuyang krisis sa bigas ay dulot ng pangangayupapa ng papet na gubyerno sa imperyalis-

dig, kabilang ang sambayanang Pili-

Patuloy na
nakokontrol
ng kartel sa
bigas ang lokal na suplay at presyo
ng bigas

Mga tampok sa isyung ito...

pino.

Protesta laban sa pagtaas ng presyo PAHINA 2 Lumalawak ang suporta sa digmang bayan sa Mindanao Mga opensiba sa Davao, ComVal, Quezon at Abra

PAHINA 5

dahil sa kabiguan ng National Food Authority (NFA) na palakihin ang binibili nitong bahagi ng lokal na produksyon. Nagkukutsabahan ang NFA at ang kartel sa bigas sa pagpapadagsa ng importasyon at sa ismagling at manipulasyon ng presyo ng bigas.

Lalo pang sumisidhi ang pagdarahop ng mamamayan dahil sadyang pinipigilan ng naghaharing rehimen ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa at sweldo ng mga kawani at pinananatiling mababa at kapos ang kinikita ng nakararaming mamamayan.

Kumakalam ang sikmura, nagpupuyos ang dibdib at nag-uumapaw ang galit ng mamamayan sa rehimeng walang hangganan ang kasakiman at walang malasakit sa kanilang paghihikahos at kagutuman.

Malaki ang pangamba ng rehimeng US-Arroyo na ang tumitinding krisis sa bigas ay maaaring sumambulat at tumungo sa malaking pag-aalsa. Batid nitong lalo pang lalala ang kasalatan at pagtaas ng presyo ng bigas pagsapit ng tag-ulan at tagbagyo sa mga susunod na buwan. Sa pamamagitan ng NFA, nagbebenta ito ng bi-

gas sa mas murang halaga, subalit para lamang makapagpakitangtao at apulain ang galit ng gutom na bayan.

Huli na ang lahat ng ginagawa ng rehimen para marendahan ang sumasambulat nang krisis sa bigas at mapigilan ang galit at paglaban ng mamamayan. Sa kabila ng paghuhugas-kamay ng rehimen, lubos na batid ng mamamayan na ang rehimeng ito ang siyang ibayong nagpapahirap sa kanila. Malaon na ring batid ng mamamayan na wala silang maaasahan dito.

Sa harap ng sumisidhing krisis, lalong natutulak ang mamamayan sa landas ng paglaban. Napupukaw ang milyun-milyong naghihirap at nagugutom na taumbayan na sumanib sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Marubdob nilang hinahangad na mabago ang buong bulok at naghihingalong papet at reaksyunaryong sistema.

Habang nagtatagal at sumisidhi ang krisis, lalong namumuo ang mga salik para sa malawakang pag-aalsang bayang magbabagsak sa mapagsamantala, mapandambong, manhid at malupit na rehimeng US-Arroyo.

ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 8 Abril 21, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:


angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal : Sagot sa paglala ng krisis:	
Rebolusyon at pag-aalsang bayan	1
Protesta laban sa pagtaas ng presyo	2
Sahod, dapat dagdagan Mga tagumpay sa Mindanao Mga taktikal na opensiba	3 4 5
Pananalanta ng pasistang estado Terorismo ng AFP sa Abra BM <i>coordinator,</i> dinukot	6
Panggigipit sa mga aktibistang kontra-mina Lider ng BM, pinalaya Ulat ng Pilipinas sa UN, binatikos	6 7 7
Balita	8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Mga protesta laban sa pagtaas ng presyo ng bigas



Tba't ibang militanteng organisasyon ang naglunsad ng kilos-protesta bunsod ng patuloy na pagtaas ng presyo ng bigas at iba pang mga bilihin.

Nagpiket noong Abril 17 ang mahigit 50 myembro ng Gabriela sa harapan ng National Price Coordinating Council (NPCC) sa Makati City. Iginigiit ng Gabriela na dapat kontrolin ang pumapaimbulog na presyo ng bigas at iba pang mga bilihin dahil hindi na ito nakakayanan ng mamamayan.

Nagrali naman sa harapan ng bodega ng National Food Authority (NFA) sa Quezon City ang mga myembro ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Ipinanawagan ng KMP na ihinto ng pamahalaan ang pag-alis ng murang bigas ng NFA sa mga pampublikong palengke. Anang KMP, ang planong ito ay pagtalikod ng rehimen sa responsibilidad nito sa taumbayan. Binatikos nito ang rehimeng Arroyo sa pagpasa sa mamamayan ng bigat ng krisis sa bigas.

Tinuligsa rin ng KMP ang mga kartel tulad ng Binondo 7 dahil sa paqtatago nito ng suplay ng bigas.



Pinangalanan ng KMP na myembro ng Binondo 7 sina Joaguin Go Soliman, Pio Sy Lato, Ramon Ang Syson, Gil Go, Teofredo Co, Leonicio Tan at asawa nitong si Janet Tio.

Nagpiket naman sa tanggapan ng NFA ang mga kasapi ng League of Filipino Students (LFS) at Anakbayan nitong Abril 18. Kinundena nila ang rehimeng Arroyo dahil sa paglala ng krisis sa pagkain. Ayon sa Anakbayan, ipinakikita ng rehimen ang kawalan nito ng malasakit sa interes ng mamamayan sa paqtanggi nitong kontrolin ang presyo ng bigas, itaas ang sahod at ibasura ang Expanded Value Added Tax sa langis at mga pagkain.

Nagbabala naman ang Council for Health and Development (CHD) na makakaapekto sa kalusugan ng mahihirap na Pilipino ang patuloy na pagtaas ng presyo ng bigas at iba pang mga bilihin. Ayon sa CHD, milyunmilyong pamilya ngayon ang naghihirap at hindi na matustusan ang mga pang-araw-araw na batayang pangangailangan tulad ng bigas. Kumakalam ang kanilang mga sikmura at nanghihina ang katawan dahil sa kagutuman. Dahil sa paqtaas ng presyo ng pagkain, lumiliit ang badyet ng mamamayan na inilalaan sa pangangalaga ng kanilang kalusugan.

Dagdag sahod, lalong kailangan

qayong nagtataasan ang mga presyo ng bigas at iba pang pagkain, lalong nagiging kagyat ang pangangailangang dagdagan ang sahod at sweldo ng mga manggagawa at mga kawani ng gubyerno. Halos sampung taon nang nakapako sa napakababang halaga ang sahod ng mga manggagawang nagtatrabaho sa pribadong sektor. Ang mga kawani naman ay wala nang natanggap na umento mula 2001, liban sa kakarampot na 10% dagdag sa basic pay nitong taon.

Iginigiit ng mga manggagawa at kawani na hindi dapat bumaba sa P125 ang dagdag sa minimum na sahod at \$\P3,000 and daddad sa sweldo. Anila, dapat isabatas ito at huwaq ipaubaya sa mga maka-kapitalistang regional wage board.

Ayon sa isang pag-aaral ng National Wage and Productivity Commission (NWPC) noong Marso, ang isang anim-kataong pamilya ay nangangailangan ng P858 bawat araw upang mabuhay nang disente sa National Capital Region. Ang minimum na sahod sa NCR ngayon ay nakapako sa ₱350/araw, wala pang kalahati sa sahod na nakabubuhay. Ito na ang pinakamataas sa buong kapuluan.

Pinakamababa ang minimum na sahod sa Autonomous Region of Muslim Mindanao na umaabot lamang sa gayong ₱200 ang isang pamilya na nakatira roon ay nangangailangan ₱698 bawat araw, ayon din sa NWPC. Kung ibabatay sa kasalukuyang tantos ng implasyon, ang ₱350 minimum na sahod ng isang manggagawa ay nagkakahalaga na lamang ng ₱245.61. Ang ₱200 na sahod ay katumbas na la-

mang ng ₱136. Ayon din sa NWPC, umaabot sa 85% ng mga mangga-

ITAAS

AN6

SAHOD!

gawa ang hindi man lamang tumatanggap ng minimum na sahod.

Binatikos naman ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang pakana ni Arroyo na idaan sa mga regional wage board ang kakarampot na ipinapanukalang umento sa sahod. Animo'v nang-iinsulto ang mga alipures niya sa Kongreso sa pagpapanukala ng ₱36 na dagdag sa sahod (10% ng kasalukuyang minimum). Hindi rin katanggap-tanggap maging ang panukala mga dilawang unyon na ₱80/araw na umento. Kung tutuusin, napakaliit na ng ₱125 at ng ₱3,000 iginigiit ng mga manggagawa at kawani. Gayunpaman,

> ayon na rin sa kanila, kahit papaano ay makapaqdudulot ito ng kaunting kaginhawaan sa laksa-laksang pamilyang naghihirap ngayon.

Kasabay nito, iginigiit din nila na tanggalin na ang 12% value added tax na ipinapataw ng rehimen sa mga produktong petrolyo. Ayon pa sa KMU, ang pagtatanggal sa VAT sa mga ito ay magreresulta sa sumusunod: P59 kabawasan sa gastos ng anim na milyong pamilyang gumagamit ng 11-kilong liquid petroleum gas (LPG); daqdaq na kita na maaring umabot sa ₱123 kada araw para sa 427,000 drayber ng dyip; at dagdag ₱19/araw na kita para sa 582,000

drayber ng traysikel. ΑB

Lumalawak ang suporta sa digmang bayan sa Mindanao

i bababa sa 350 aksyong militar ang naiambag ng Mindanao sa pagpapaigting ng armadong pakikibaka sa buong kapuluan noong nakaraang taon.

Ang kakayahang panghawakan ng mga yunit ng BHB ang inisyatiba sa labanan ay bunga ng kanilang nagpapatuloy na pagpapahusay ng mga taktika at teknika sa pakikipaglaban. Regular itong ginagawa ng mga teritoryal at yunit kumand. Nagbibigay din ang mga ito ng mga espesyal na pagsasanay sa isnayping, paggamit ng eksplosibo at qawaing paniktik.

Napanghawakan ng BHB maging ang ilang labanang depensibo na ibinunga ng ilang kaso ng maling pagtaya sa kalagayan at kaluwagan sa disiplinang militar. Sa karamihan ng mga ito, naagaw ng mga Pulang mandirigma ang inisyatiba at nakapagdulot ng ilampung kaswalti sa kaaway.

Sa kabila ng desperadong mga atake ng kaaway, nakapagtala pa rin ng 5% dagdag sa kasapian ng BHB sa isla. Umaabot ngayon sa ilang libo ang buong-panahong mga Pulang mandirigma. Sa isang rehiyon lamang, mahiqit 300 ang narekluta sa loob ng isang taon. Pagpapatunay ito na nagagalak ang masang magsasaka sa pagsapi ng kanilang mga anak sa BHB. Patuloy na sinisikap na lutasin ang mga sumusulpot na suliranin ng pananamlay bunga ng sarisaring kadahilanang tulad ng pagkakasakit, pagkakasugat sa labanan, pag-asikaso sa pamilya at iba pa.

Bumibilang din ngayon ng ilang libo ang kasapian ng milisyang bayan. Tungkulin ng mga yunit nito ang pagsilbing reserba at pansuportang pwersa ng mga regular na yunit ng BHB para mapana-

natili ang katahimikan at kaayusan sa mga barangay. Sumasama rin ang milisya sa mga taktikal na opensiba, sa pagnyutralisa sa mga lambat paniktik ng kaaway sa mga baryo at pagpapatupad ng iba pang mga gawain ng rebolusyonaryong kilusan. Partikular sa gawaing ito, may mayamang karanasan ang rehiyon ng North Eastern Mindanao.

Isinusulong din ng BHB ang rebolusyong agraryo sa gitna ng pagpapaigting ng armadong pakikibaka. Ilandaang libong magsasaka na ang nakabenepisyo sa mga taqumpay ng mga antipyudal na kampanya tulad ng pagpapababa ng upa sa lupa, sa gilingan ng palay at kagamitan sa produksyon, pagpapababa sa tantos ng usura at presyo ng bilihin at pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid at presvo ng mga produktong agrikultural. Nag-oorganisa rin ang BHB ng sarisaring tipo ng mga kooperatiba at proyekto para mapaunlad ang produksvon.

Bilang bahagi ng pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa, inilulunsad ng BHB ang kilusan laban sa pandarambong ng mga korporasyon ng minahan, trosohan at plantasyon na pagmamay-ari ng mga imperyalista at malaking burgesyang-kumprador.

Patuloy ding inilulunsad ng BHB ang edukasyong masa. Itinataas ang kamulatang pampulitika ng mga kasapi ng rebolusyonaryong kilusan sa patuloy na pagaaral nila sa mga batayan at espesyal na kurso tungkol sa maiinit na isyung panlipunan. Bukod pa ito sa mga kampanyang masa para sa literasiya, kalusugan at kultura. Ilang libong magsasaka na ang nabiyayaan ng mga serbisyong panlipunang ito—bagay na huwad na ginagaya ng mga reaksyunaryo at papet na RSOT ng kaaway.

Bunga ng mga tagumpay na ito, lumalawak at nakokonsolida ang baseng masa na umaabot na ngayon sa ilang milyon sa buong Mindanao (hindi pa kabilang dito ang mga sentrong bayan at lun-





ge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, nakapagpalawak ang mga organisasyong masa tulad ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM), Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), Kabataang Makabayan (KM) at Rebolusyonaryong Organisasyon ng mga Lumad (ROL). Sustenido ring umaandar ang inter-baryo at antasbayang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa maraming larangang gerilya.

Sa pangkabuuan, hindi mawawasak ng anumang kampanyang militar ng reaksyunaryong gubyerno ang lalong umiigting na armadong pakikibaka sa kanayunan. Malinaw na umaani ng malawak na suporta ang digmang bayan mula sa mga inaapi't pinagsasamantalahang sektor ng lipunang Pilipino. Hindi ito madudurog ng anumang kampanyang militar ng reaksyunaryong gubyerno, ani Ka Oris.

Militar ang target, paglilinaw ng BHB sa Panay

Inilinaw ng Napoleon Tumagtang Command ng BHB-Southern Front sa Panay na hindi target ng BHB sina Rep. Exequiel Javier at Mayor Elizabeth Coloso ng San Remigio, Antique. Matatandaang noong hapon ng Abril 4 ay tinambangan ng BHB sa Barangay Aningcalan ang mga elemento ng 31st DRC ng 3rd ID. Dalawang ripleng M16, isang handset at mga bala ang nasamsam sa dalawang tropang napatay sa 15-minutong labanan. Dalawa pang sundalo ang nasugatan sa ambus.

Limang araw na inabangan ng yunit ng BHB ang abusadong yunit ng militar sa pwesto ng pagtatambangan. Pinalampas nila ang grupo nina Mayor Coloso (hindi nakadalo si Javier), na siyang panauhing pandangal sa inagurasyon ng dalawang paralang pampubliko sa Barangay Bulan-Bulan at Barangay Alegria, at isinagawa lamang ang pananambang nang pauwi na sa kanilang detatsment ang mga elemento ng 31st DRC.

Mga opensiba sa Isabela, Davao, Compostela Valley, Quezon at Abra

uluy-tuloy ang mga taktikal na opensiba at aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) laban sa mga papet-pasistang sundalo ng rehimeng Arroyo. Sumusunod ang ilang panimulang ulat na natanggap ng *Ang Bayan*:

Abril 20. Isang sundalo ang namatay sa isang oras na pakikipagsagupa ng BHB sa Philippine Army sa Ilagan, Isabela bandang alas-6 ng umaga.

Abril 15. Isang sundalo ng 16th IB ang namatay at isa pa ang nasugatan nang labanan sila ng mga gerilya ng BHB sa Sityo Macalla, Pagsangahan, Nakar, Quezon bandang 1:30 ng hapon.

Abril 12. Nilusob ng BHB ang Barangay Malativas sa Panabo City at inaresto ang mga nagpapatrulyang elemento ng Civilian Volunteers Organization (CVO). Ang nabigla at hindi na nakapanlabang mga tanod ng barangay ay kinumpiskahan ng apat na ripleng Garand.

Samantala, sa Monkayo, Compostela Valley, isang sundalo ang namatay sa inilunsad na isnayping ng mga Pulang mandirigma laban sa isang detatsment ng Philippine Army sa Barangay Banlag.

Abril 10-11. Dalawang sundalo ang namatay at limang iba pa ang nasugatan sa tatlong magkakahiwalay na mga operasyong harasment ng BHB laban sa mga elemento ng 743rd Combat Support Wing ng Philippine Air Force sa Mamala Uno, Sariaya, Quezon.

Naganap ang unang harasment bandang alas-6 ng umaga kung saan dalawang sundalo ang agad namatay. Dakong alas-8, muli silang hinaras at tatlong militar ang nasugatan.

Kinabukasan, muling hinamba-

los ang mga pasistang militar at dalawa sa kanila ang kritikal na nasugatan. Ayon sa mga ulat, kagyat na dinala ang mga sugatan sa isang ospital sa Quezon City.

Laking tuwa ng mga tagabaryo sa sunud-sunod na pagparusa ng BHB sa mga abusadong sundalo na kilala sa lugar dahil sa kanilang pagnanakaw ng manok, bigas, itak, paninda at iba pang ari-arian ng mamamayan tuwing nag-ooperasyon sila sa kanayunan.

Abril 5. Apat na sundalo ng 52nd Division Reconnaissance Company (DRC) ng 5th Infantry Division ang namatay sa isang sagupaan sa Tubo, Abra, ayon kay Ka Diego Wadagan, tagapagsalita ng Agustin Begnalen Command ng BHB-Abra. Ang mga sundalong ito ay nakatalagang pwersang panseguridad ng mga malaking kumpanya ng minahan sa Cordillera.

Terorismo ng AFP sa Abra

atinding karahasan at terorismo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang dinaranas ngayon ng mamamayan ng Tubo, Abra dahil sa mga operasyong militar na isinasagawa ng 50th IB at 52nd Division Reconnaissance Company (DRC). Batas militar ang pinaiiral ngayon sa mga baryo ng Pananuman at Tubtuba. Saklaw din ng mga operasyong militar ang Beew, Alangtin at Dilong, pawang sa Tubo, at ang kalapit na baryo ng Lamag sa Quirino, Ilocos Sur.

Mula Marso 12, pwersahan nang ginagamit ng mga tropang militar ang mga paaralang elementarya, barangay hall, simbahan at mga dap-ay (tradisyunal na pulungang pangkonseho) sa Pananuman.

Ipinwesto nila sa gitna ng mga bahayan ang kanilang mga 60 mm at 81 mm mortar at 105 mm howitzer at ginamit nilang paliparan ng mga helikopter ang bakuran ng eskwelahan. Mula Marso 25 ay umaabot na sa halos 100 bala ng howitzer ang pinasasabog, araw at gabi.

Inaakusahan ng militar na mga suporter ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mamamayan. Iligal na pinapasok ang mga tahanan at kinukumpiska ang kanilang kagamitan, sa katwirang ang mga iyon daw ay sa BHB. Kabilang dito ang mga ripleng pangaso, mga radyong VHF (na ginagamit sa komunikasyon ng mga barangay), mga cellphone at maging mga damit.

Hindi malayang makakilos ang mamamayan sa kanilang pamayanan. Labis na naapektuhan ang kanilang produksyong agrikultural dahil pinagbabawalan silang makapunta sa kanilang mga kaingin, bukid, pastuhan o mga kagubatan. Ilang araw matapos bisitahin ni Mariano Galisen ang kanyang kaingin sa Tubtuba noong Abril 1, na-

tagpuan ang kanyang naaagnas nang bangkay sa kagubatan. Naniniwala ang mamamayan ng Tubtuba na siya ay pinatay ng mga nagooperasyong militar nang sakupin ang kanyang bukid.

Pwersahang ginagamit bilang mga giya at kargador ang mamamayan. Sa pangunguna ni 1Lt. John Pedregosa at 2Lt. Rashid Abdul Avila, pinwersa ng mga tropang militar ang 27 sibilyan mula sa Pananuman at Tubtuba upang kunin ang bangkay ng isang sundalong namatay sa engkwentro sa Ampungan, ilang oras na lakad mula sa kanilang mga tahanan.

Tuluy-tuloy ang pambobomba, istraping at panganganyon sa kabundukan sa hangganan ng Tubo at Besao. Dalawang OV-10 bomber, kasama ang dalawang F5 fighter jet ang araw-araw na naghulog ng umabot sa 117 bombang 125 at 250 libra noong Marso 23-28.

Bayan Muna coordinator, dinukot

Dinukot noong Abril 15 ng di bababa sa walong pinaniniwalaang mga sundalo si Noel Samar, 33. Si Samar ay dating coordinator ng Bayan Muna noong 2001. Dinukot siya habang nagbabantay sa kanyang tindahan sa Barangay Layon, Ligao City. Ayon sa mga saksi, hinambalos siya ng kalibre .45 pistola sa ulo. Nang mawalan ng malay, pinosasan at isinakay siya sa isang puting Mitsubishi van na sinundan ng dalawa pang motorsiklo. Kinabukasan, iniwan lang basta si Samar nang nakapiring sa isang haywey sa Barangay Banao, Guinobatan, Albay.

Panggigipit sa mga aktibistang kontra-mina, binatikos

Binatikos ng Kalikasan-People's Network for the Environment (PNE) ang patuloy na panggigipit ng rehimeng Arroyo sa mga aktibistang tutol sa pagmimina. Ayon sa Kalikasan, umaabot na sa 23 kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mga aktibistang makakalikasan ang naitatala mula nang maghari si Arroyo noong 2001. Labingwalo sa mga biktima ay aktibo sa mga kampanyang kontra sa pagmimina. Kabilang dito ang pagpaslang sa isang guro sa Quezon noong 2005 na tutol sa pagmimina sa kanilang lugar.

Nakababahala ang ganitong sitwasyon, ayon sa Kalikasan-PNE na masugid na tumututol sa mga dayuhang minahan tulad ng Linktone Mining Corporation sa Zamboanga City na pagmamay-ari ng China, Lafayette Mining sa Marinduque, Royal Company ng Australia at Oceanic Philippines sa Nueva Vizcaya at marami pang iba.

Sa kabila ng mga panggigipit, iginiit pa rin ng grupo na patuloy nilang tututulan ang Mining Act of 1995 at iba pang mga batas at hakbangin na mapangwasak sa kapaligiran.



2 lider ng Bayan Muna sa Cordillera, pinalaya na

Pinalaya nitong Abril 16 sina Jose Cawiding, lider ng Bayan Muna at ang kapwa niya akusadong si Leticia Banasan matapos ang anim na buwang pagkakakulong sa Benguet Provincial Jail.

Nagpalabas ng kautusan noong Marso 16 si Bontoc Regional Trial Court (RTC) Branch 35 Presiding Judge Joseph Patnaan na palayain na sina Cawiding at Banasan alinsunod sa *provisional dismissal* ng kasong kinakaharap nila. Ang ibig sabihin ng *provisional dismissal* ay

maaaring buhaying muli ang kanilang kaso kapag may lumantad na saksi laban sa mga akusado. Kung walang saksing lilitaw sa loob ng dalawang taon, magiging permanente na ang pagbasura sa kaso.

Inaresto sina Cawiding at Banasan at sinampahan ng walong

kaso ng *murder* at isang kaso ng *frustrated murder*. Kaugnay ito sa pagkamatay ng walong sundalo at pagkakasugat ng isang militar sa ambus na isinagawa ng Bagong Hukbong Bayan noong Hulyo 2003 sa Sityo Saddle, Talubin, Bontoc, Mountain Province.

Ang pagkakakulong at malisyosong pag-uugnay kina Cawiding at Banasan sa BHB ay halimbawa ng panunupil at panggigipit ng rehimeng Arroyo sa mga lider at kasapi ng mga progresibo at ligal na organisasyong lumalaban dito.

Ulat ng Malacañang sa UN hinggil sa karapatang-tao, tinuligsa

Magprotesta sa Quezon City nitong Abril 19 ang mga biktima ng paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao. Tinuligsa nila ang mga kasinungalingang pinalaganap ng mga delegado ng gubyerno ng Pilipinas sa United Nations Human Rights Commission (UNHRC) sa Geneva, Switzerland noong nakaraang linggo. Pawang buladas ang laman ng presentasyon ng mga tauhan ni Arroyo sa UNHRC Universal Periodic Review (UPR) hinggil sa kalagayan ng karapatang-tao sa bansa. Ang UPR ay taunang pagtatasa ng UN sa kalagayan ng karapatang-tao sa iba't-ibang bansa.

Ang pagkilos ay pinangunahan ng Hustisya, organisasyon ng mga biktima at pamilya ng mga biktima. Alas-10 ng umaga nang pumunta ang mga kasapi nito sa Quezon Memorial Circle dala ang isang effigy ni Gloria Arroyo na tinuran nilang "payasong duguan ang mga kamay."

Tinuligsa ng mga raliyista ang ibayo pang paglala ng kalagayan ng karapatang-tao sa bansa. Kabaligtaran naman nito ang ulat sa UNHRC ng mga utusan ni Arroyo na nagsabing lumiliit na ang bilang ng mga pampulitikang pamamaslang

at pagdukot sa bansa.

Nagtitipuntipon kada ikatlong Sabado ng buwan ang mga

kasapi ng Hustisya, Karapatan at iba pang organisasyong nagtataguyod sa karapatang-tao. Ipinananawagan nila ang pagtigil ng rehimeng Arroyo sa mga pampulitikang pamamaslang, pagdukot at panunupil.

Nanawagan naman ang koalisyong Philippine UPR Watch na tanggalin o suspendihin ang pagkamyembro ng Pilipinas sa UNHRC. Ang koalisyong ito ay itinatag upang subaybayan ang UPR. Nagpadala ng anim na delegado

un a kinabibilangan ng tig-iisang kinatawan mula sa National Council of Churches in the Philippines, Bayan Muna, Karapatan at International Association of People's Lawyers. Kasama rin sa anim si Jonathan Sta. Rosa, kapatid ng pinaslang na si Pastor Isaias Sta. Rosa ng simbahang Methodist at si Dr. Edita Burgos, ina ang desaparecido na si Jonas Burgos.

Samantala, binatikos naman ng National Union of People's Lawyers ang ipinagka-

kalat na kwento ni Executive Secretary Eduardo Ermita na pinalakpakan ng UNHRC ang ulat nila. Inilahad nina Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at Teodoro Casiño ang tunay na kalagayan ng karapatang-tao sa bansa. Umabot sa 18 bansa ang nagkwestyon o nagkumento nang negatibo hinggil sa kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas.



Mga progresibong kongresista, muling ginigipit

Muling pinag-iibayo ng rehimeng Arroyo ang panggigipit sa mga progresibong kongresista. Sa pag-uudyok ng Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ng Malacañang, sinampahan ng murder sa Nueva Ecija Prosecutor's Office sina Rep. Satur Ocampo at Rep. Teodoro Casiño ng Bayan Muna, Rep. Liza Maza ng Gabriela Women's Party at Rep. Rafael Mariano ng Anakpawis.

"Gawa-gawa lamang ang reklamong murder, tulad ng pagiging gawa-gawa lamang ng mga kasong isinampa laban sa Batasan 6. Bahagi lamang ito ng patuloy na pampulitikang panggigipit sa amin," ani Maza.

Kasabay nito, binatikos ni Ocampo ang pulis at militar sa isinasagawang paniniktik sa kanyang bahay. Napansin ng mga istap ni Ocampo na dalawang lalaking nakamotorsiklo ang umaaligid sa kanyang bahay sa Quezon City. Napansin ding tila may dalawa pa silang kasama sa ibang sasakyan na kinakausap sa pamamagitan ng radyo.

Ayon kay Ocampo, ang kaso laban sa kanila ay isinampa sa pag-uudyok ni Justice Secretary Raul Gonzales.

Inaakusahan sina Ocampo ng pag-utos sa pagpaslang kina Carlito Bayudang, Danilo Felipe at Jimmy Peralta. Si Bayudang ay dating lider ng Red Vigilante Group, isang grupong paramilitar sa ilalim ng Philippine Army. Siya ay hinatulang maysala ng hukumang bayan sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at pinarusahan ng Bagong Hukbong Bayan noong 2004.



Ika-35 anibersaryo ng NDF, ipagdiriwang

IPAGDIRIWANG ng National Democratic Front (NDF) ang ika-35 anibersaryo ng pagkakatatag nito sa darating na Abril 24. Ang NDF ang rebolusyonaryong nagkakaisang prenteng organisasyon ng mamamayang Pilipino na nakikibaka para sa pambansang paglaya.

Mula 1973 ay itinaguyod ng NDF ang pagkakaisa ng mga progresibong uri at mga sektor sa lipunang Pilipino para sa pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya. Sa labas ng bansa, patuloy itong nakapagtitipon ng suportang moral, pampulitika at materyal para sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas.

Nakatakdang magtipun-tipon ang mga alyadong organisasyon ng NDF at mamamayan sa mga rebolusyonaryong base at mga larangang gerilya sa kanayunan at maging sa mga lunsod at bayan. Sa Abril 26 naman ay pangungunahan ng International Information Office ng NDFP (NDF-IIO) ang paggunita ng anibersaryo sa Amsterdam, The Netherlands na may temang "Pagdiriwang ng 35 taon ng mga tagumpay ng sambayanang Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa pambansang paglaya."

Maglulunsad rin ang NDF-IIO ng kampanya para makalikom ng pondo na gagamitin para sa pagsisikap ng mga rebolusyonaryong pwersa na tumulong sa mga biktima ng matinding baha at pagguho ng lupa sa Samar at iba pang bahagi ng bansa. Gagamitin din itong pantulong sa mga pamilya ng mga konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan na pinaslang o dinukot.

Mga manggagawa ng LRT, nanalo sa Korte Suprema

PINAGTIBAY ng Korte Suprema nitong Abril 14 na iligal ang ginawang pagtatanggal ng Metro Transit Organization Inc (MTOI) sa 211 manggagawa ng Light Rail Transil (LRT). Nagwelga ang mga manggagawa rito noong 2000 matapos magkaroon ng dedlak sa negosasyon para sa bagong collective bargaining agreement. Kinasuhan ng mga manggagawa ang MTOI ng iligal na dismissal at *union busting* matapos sila tinanggal.

Alinsunod dito, maaari nang makuha ng mga manggagawa na kasapi ng Pinag-isang Lakas ng Manggagawa sa Metro Inc-National Federation of Labor ang mahigit P208 milyong back pay. Inutusan din ng korte ang MTOI na bayaran ang mahigit P21 milyong legal fees ng mga manggagawa.

CPN-Maoist, nanalo sa eleksyon para sa Constituent Assembly sa Nepal

NAGKAMIT ng malaking tagumpay ang Communist Party of Nepal (CPN)-Maoist sa katatapos na eleksyon para sa *constituent assembly* sa Nepal. Naipagwagi ng CPN-M ang 116 sa 215 pwestong tapos nang bilangin. May kabuuang 240 pwestong pinaglabanan. Bubuuin ng mahigit 600 kinatawan ang asembliya, kabilang ang mga hihirangin ng gubyerno.


Ang pagbubuo ng constituent assembly ay isa sa iginiit ng CPN-M sa gubyerno ng Nepal upang magbalangkas ng demokratikong konstitusyon at ilatag ang daan para sa pormal na pagbuwag ng monarkiya.



Taon XXXIX Blg. 8 Enero 21, 2008 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Sagot sa lumalalang krisis: Rebolusyon at pag-aalsang bayan!



Ang kasalukuyang krisis sa bigas ay dulot ng pangangayupapa ng papet na gubyerno sa imperyalis-

nakararaming mamamayan ng daig-

dig, kabilang ang sambayanang Pili-

Patuloy na nakokontrol ng kartel sa bigas ang lokal na suplay at presyo ng bigas

Mga tampok sa isyung ito...

pino.

Protesta laban sa pagtaas ng presyo PAHINA 2 Lumalawak ang suporta sa digmang bayan sa Mindanao PAHINA 4 Mga opensiba sa Davao, ComVal, Quezon at Abra

PAHINA 5

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang Advanced
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*